



\*\*\*\*\*  
**MUHON AT PASYOK: ANG DISKURSO SA WIKA AT POLITIKA  
SA UNANG SEKSIYON NG THE LANGUAGE PROBLEM OF THE  
FILIPINOS MONOGRAPH (1932) NI DR. MANUEL VIOLA  
GALLEGO**

**RENE BOY E. ABIVA, MA-MP, D.Litt. (Hon. Causa)**

Fakulti, Institute of Teacher Education

Direktor, Community Extension and Outreach Program

Manuel V. Gallego Foundation Colleges

rbabivamvgallego@gmail.com

## ABSTRAK

Ito ang panimulang pag-aaral at pagtatangka na ipakilala sa publiko ang The Language Problem of the Filipinos Monograph (1932) ni Dr. Manuel Viola Gallego batay sa pagsusuri sa mga nakalap na datos mula sa mga lumang dokumento gaya ng news clippings, larawan, at mismong monograph. Ang mga dokumento ay natagpuan sa silid-aklatan ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC) noong 2022. Ang MVGFC ay mismong itinayo ni Dr. Gallego noong 1960 upang isulong ang edukasyong publiko sa Gitnang Luzon.

Makikita sa pananaliksik ang wika at politika bilang simbayotikong umiiral sa loob ng lipunan at kasaysayan. Gamit ang Dialectical-Historical Materialism (DHM) ay malawak na nakita ang malalim na gampanin ng wika at politika sa kolonyalismo at kontra-kolonyalismong kilos ng tao sa loob ng lipunan, na siyang ipinapakita ng monograph. Bagamat unang seksiyon pa lamang ang sinisipat ng pag-aaral na ito, may interdisiplinaryong ambag naman ito sa kabuuan. Sa huli, itinataguyod ng pag-aaral na ito ang paggamit ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) bilang anyo ng protesta kontra sa Ingles na pamana ng kolonyalismo at neo-kolonyalismo, mas

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*  
epektibong pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto, at tunay na demokratisasyon sa wika at politika.

**Mga Susing Salita:** wika; politika; Pambansang Wika; MTB-MLE; kolonyalismo

## ABSTRACT

This is the introductory study and attempt to introduce to the public The Language Problem of the Filipinos Monograph (1932) by Dr. Manuel Viola Gallego based on an analysis of gathered data from old documents such as news clippings, photographs, and the monograph itself. The documents were found in the library of the Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC) in 2022. The MVGFC was established by Dr. Gallego himself in 1960 to promote public education in Central Luzon.

The research explores language and politics as symbiotic entities within society and history. Using Dialectical-Historical Materialism (DHM), the profound role of language and politics in colonial and anti-colonial movements within society was extensively examined, as demonstrated by the monograph. Although only the initial section of this study is being anticipated, it contributes interdisciplinary insights to the whole. Ultimately, this study advocates for the use of Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) as a form of protest against the English legacy of colonialism and neo-colonialism, a more effective method of teaching and learning, and genuine democratization of language and politics.

**Keywords:** language; politics; National Language, MTB-MLE; colonialism

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*  
**EPILOGO: SA HUWAD NA NGALAN NG KOLONYAL NA PROYEKTO**

Turan ng yumaong Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Lazaro Francisco ay walang propetang kinilala sa kanyang sariling bayan. Walang mabuting kalagayan sa/ng isang bayan ang hihigit pa sa isang pansamantalang bagay gaya ng buhay, at walang napakahalagang pangyayari ni tao ang makaaasang ito't siya'y paniningningin ng panahon nang walang katapusan. Kung tutuusin, ang buhay sa mundo'y hindi lamang gaya sa isang paglalakbay kung saan nararamdaman ng ating pandama ang pangako ng lahat ng mga nasa ibabaw ng lupa. Kasabay ng paglalakbay ang pagkatuto ng/sa maraming bago. At mula sa mga bagong ito'y unti-unti nating niyayakap ang larangan ng pagkitil sa mga sumpa ng lumang orden gaya na lamang sa malupit na digmaan. Pero, gaano man kalupit at mapanlinlang, gigil na gigil pa rin ang tao na hamunin ang kanyang namamanang kaaway, ang kamatayan. Pilit itinatayo ng tao ang anumang estruktura na magpapanatili sa kanya sa gunita ng kanyang bayan: malalaking gusali gaya na lamang ng sa Katedral ni San Nikolas ng Tolentino (ang patron ng mga kaluluwa sa purgatoryo), rebultong marmol gaya na lamang ng busto ni dating Alkalde Honorato Perez ng Cabanatuan, at lapida sa lugar ng kinamatayan ni Heneral Luna makaraang ipapatay siya ni Heneral Emilio Aguinaldo. Labintatlong taon bago anihin ng karit ni kamatayan si Dr. Gallego ay ganito rin ang kanyang ginawa, noong 1963, sa edad na pitumpung taon ay kanyang itinatag ang Central Luzon Education Center. Sabi ng marami'y ito ang kaunaunahang nursing school sa buong Region 3 bago talunin ni Marcos si Macapagal sa pagkapangulo at ideklara ang Batas Militar nonng 1972.

Sa lalawigan ng Nueva Ecija, ginagamit ang muhon upang hatiin ang pinitak o parsela ng lupa sa bukid. Pasyok naman ang tawag sa mga pinagputulan ng palay tuwing anihan. Kung pagsasanibin ang muhon at pasyok ay dito iikot ang naratibo ng papel sa ito. Kung ihahambing, hindi kalabisan kung ating ituturing ang wika at politika na gaya nga sa muhon at pasyok sapagkat sa bawat pag-inog ng panahon ay mayroon pa ring pagkakahati-hati sa wika sa kabila ng may naaani ang bayan. Kung sa wika'y maaaring ang tila hindi mapipigilang

\*\*\*\*\*

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
ebolusyon nito mula sa mababa at mataas na antas at vice versa. Gayundin sa naman sa politika, halimbawa ay ang praktika ng pagkakaisa at pagkakahati-hati. At gaya nga sa pag-ani sa mga bunga na nasa suhay ng palay, meron itong katawan at ugat na siyang nagbigay buhay sa bunga. Ganito rin sa wika at politika, mayroong pinagmulan upang tamasain natin sa kasalukuyan ang kung anumang pangako ng wika at politika sa ating bansa.

Upang makuha ang kabuuan, susuriin natin nang maiksi ang ilan sa mga pangunahing yugto ng kasaysayan ng lipunang Filipino. Mula rito, layon nating i-highlight ang mahalaga at krusyal na papel ng wika sa iba't ibang aspeto—politikang, ideolohikal, kultural, militar, at partikular sa politika ng bayan. Titignan natin ang wika bilang isang organikong espasyo ng hegemonikong at kontra-hegemonikong tunggalian ng mga puwersa at kapangyarihan (San Juan, 1998). Ang suliraning pangwika na hinaharap ng mga Pilipino ay may maraming aspekto, kabilang ang mga hamon sa kakayahan sa wika, patakaran sa edukasyon, at implikasyon sa sosyo-ekonomiko na madalas ay maiuugnay sa kaligirang pangkasaysayan ng isang bansa.

Hindi lamang ang mga Amerikano ang gumamit ng wika bilang pinakapektibong kasangkapan sa kolonyalistang adyenda; ginawa rin ito ng mga Kastila. Makikita ito, halimbawa, sa isang eksena sa pelikulang GomBurZa (2023), kung saan nagkaroon ng hadlang sa isang klase ni Padre Burgos dahil Latin ang ginamit na midyum ng instruksyon. Samantala, ang wikang Kastila ang naging episyenteng paraan upang maipasailalim ang mga katutubong pagano sa kanilang kontrol sa loob ng mahigit tatlong daang taon. Ang wikang Kastila ang nagsilbing midyum ng piyudalismo at monarkiyang politika sa Espanya at Europa. Samantala, ang mga katutubong wika, tulad ng Tagalog, ay naging instrumento ng lokal na pagtutol, maging ito man ay sa antas ng indibidwal o kolektibo. Para sa mga kolonyalista, ang wikang katutubo ay wika ng mga pagano, at ang pagiging pagano ay katumbas ng pagiging demonyo. Mababasa ang mga obserbasyong ito sa mga akda ni Isabelo Delos Reyes.

Sa lipunang piyudal, dalawang matinkad na uri ang nagtutunggalian: ang uring Panginoong Maylupa (PML) at ang mga magsasaka. Mayroon ding tunggalian sa pagitan ng principalia o

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
cacique kontra sa mga magsasaka (ang principalia o cacique ang pagmumulan ng uring burgesya sa hinaharap). Dahil sa malalim na pagkaalipin, ang mga Prayle, Gobernador, at iba pang kinatawan ng Espanya ay nagiging kontra sa mga magsasaka at ilang sektor ng principalia at cacique, pati na rin sa uring panginoong maylupa (bagaman ito ay magiging ganap na mas maliwanag sa hinaharap).

Ang pag-institusyonalisa ng wikang Kastila ay isang mahalagang salik upang mapasunod ang karamihan ng populasyon. Bukod sa pagpapatupad ng militar, politikal, at ekonomiyang programa na nakasalalay sa piyudalismo, ang impluwensiya ng Kristiyanismong may Tatlong Persona ay nagdulot ng malaking epekto sa kaisipan ng mga katutubong Pilipino sa pamamagitan ng matinding pananampalatayang ipinapalaganap nang pwersahang paraan. Ang ganitong indoktrinasyon ay nagtagal nang maraming dekada, at habang ang mga Pilipino ay patuloy na nagpapakumbaba at sumusunod sa relihiyong ipinanganak ni Abraham, patuloy din nilang ipinapamana ang kanilang kalagayan bilang mga kolonyal na paksa at proyekto sa kolonyalismo ng Pilipinas. Dahil dito, ang bansa ay nananatiling hindi ganap sa kanilang pagkakakilanlan.

Ang mga simbolo ay nagiging isang uri rin ng wika at politika, na nagtataglay ng kapangyarihan sa komunikasyon. Ang mga krus, rosaryo, at mga Santa at Santo ay hindi lamang mga simbolo kundi pati na rin mga instrumento ng pananakop at pagsasakop. Sa pagiging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ni Juan Dela Cruz, ang ganitong pagpapamana ng pagiging alipin ay hindi lamang isang produkto ng kasalukuyang panahon kundi isa ring anyo ng pagsasalin muli ng kolonyalismo gamit ang wika at politika, na umaabot hanggang sa kaluluwa ng katawan at lipunan.

Ang simbahan ay naglaro ng isang mahalagang papel sa usaping ito, partikular sa pamamagitan ng mga ritwal ng repetisyon: una, bilang isang konkretong panlipunang arketipo na nagtataguyod ng konsolidasyon at paglawak ng piyudalismong Europeo at bilang pundasyon ng superstructure; at pangalawa, bilang sentro ng hegemonya ng dominanteng

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
wika sa kalakalan, pulitika, relihiyon, at kaalaman mula sa global patungo sa lokal na antas, na nagtutunggali sa mga katutubong wika sa kalakalan, pulitika, relihiyon, at kaalaman. Ang taong 1896 ay magsisilbing kulminasyon ng kolonyal na paghahari ng Espanya sa Pilipinas at kasabay nito, ang simula ng kolonyalismong Amerikano. Sa panahong ito, muling hahamunin ng mga katutubong wika ang wikang Kastila hindi lamang sa simbolikong digmaan kundi pati na rin sa madudugong labanan sa pagitan ng mga pwersa ng rebolusyon at kontra-rebolusyon. Ang wikang Tagalog, sa kabila nito, ay ginamit ng mga Ilustradong rebolusyunaryo (bagaman bihasa rin sila sa wikang Kastila) bilang opisyal na wika ng rebolusyon. Ito ay nagbigay ng senyales ng hangaring otonomiya hindi lamang sa wika kundi pati na rin sa ekonomiya at politika. Mapapansin ito sa deklarasyon ng Artikulo VIII ng Biac-na-Bato.

Ngunit magbabago ang daloy ng tunggalian sa pagdating ng mga Amerikano. Ang ilang kaalyadong uri ng Rebolusyong 1896 ni Bonifacio, tulad ng mga principalia, cacique, at mga panginoong maylupa, ay kumampi sa bagong mananakop na Amerikano bilang bagong mga kolonyal na panginoon. Dahil dito, muling isinantabi ang katutubong Tagalog pabor sa wikang Ingles na mas moderno kumpara sa wikang Kastila. Kitang-kita ito sa pelikulang Heneral Luna (2015).

Sa panahon ng Kongreso ng Malolos (1898-1899), layon nitong hubugin ang sariling kapalaran ngunit nakita rin na dominante ang mga principalia, cacique, ilustrado, at ilang iba pang kasapi ng kolonyal na lipunang may kaugnayan sa Europa o bihasa sa wikang Kastila. Dito, itinatakda na opsyonal lamang ang paggamit ng wikang Tagalog sa anumang aspeto ng pamumuhay ng buong pamayanan, na nagresulta sa pagsasalin muli ng institusyonalisasyon ng wikang Kastila habang ang Tagalog ay naiwan sa likuran. Bagaman ganito ang nangyari, nanatiling pangunahing wika ng rebolusyonaryong kilusan at ng mga katutubong Indio, o mga itinuturing na mangmang na Pilipino ayon sa mga pinuno na ang politika ay nauugnay sa pakikipagsabwatan sa bagong kolonyal na kapangyarihan.

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Sa kabuuan, problema pa rin ng mga Amerikano kung paano isasakatuparan ang kanilang proyektong kolonyal. Papalitan ng Ingles ang wikang Kastila bilang pangunahing wikang opisyal, habang ang Kastila ay magiging sekundarya, upang maisakatuparan ang misyon ng Amerika na gawing sibilisado ang bansa. Maiinstitusyunalisa ang Ingles sa pamamagitan ng edukasyon, na magiging mas epektibo kaysa sa ginawa ng mga Kastila, na ang layunin ay ganap na kolonyal na proyekto. Magmimistulang nakakahigit ang proyektong ito ng Amerika dahil sa kanilang demokratisadong pamamaraan at sa mas maluwag at abanteng mga tratado sa ekonomiya at sistemang politikal.

Nakalilito ang Komonwelt. Sa kaibahan sa Espanya na pili lamang ang nakakapasok sa paaralan, ginawang bukas ito ng mga Amerikano para sa lahat. Ito ang nakita ng Amerika bilang isang kahinaan ng unang kolonyal na kapangyarihan. Binuksan ang edukasyon sa lahat upang mapabilis at mapanatili ang kanilang kolonyalismo. Ayon kay Campoamor, tatlong taon pagkatapos, ipinatupad ang unang School Act na nagtakda ng libre, pampubliko, at sekular na edukasyon na may Ingles bilang pangunahing midyum ng pagtuturo (2007). Sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano, karamihan sa mga eskwelahan, kolehiyo, at unibersidad ay itinayo, na nagdulot ng ilusyon na nawala na ang dating mga hidwaan sa mga uri. Ang mga retiradong opisyal (capitulator sa politika) ay mag-aaral ng wika ng bagong mananakop. Ipinagmamalaki ang Ingles bilang wika ng sibilisasyon. Samantala, patuloy na lumalaban ang mga katutubong wika, kasama na ang mga rebolusyonaryong kilusan nina Sakay at Malvar, laban sa bagong kapangyarihang sumasakop sa bansa. Ang Ingles ay magiging bagong instrumento ng sibilisasyon, na epektibong ginamit laban sa mga katutubo (San Juan, 1998). Dahil sa Komisyong Monroe, naging sistematiko at pangmatagalang ang pagkaalipin ng mga Pilipino dahil natukoy nang maayos at epektibo ng mga Amerikano na ang pinakaepektibong paraan ng pananakop ay ang pangkalahatang indoktrinasyon gamit ang wika ng mga mananakop. Ito ang mariing tinutulan ni Teodoro Asedillo hanggang sa kanyang pagpanaw.

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Tunay nga namang mas malakas ang kapitalismo kumpara sa atrasadong piyudalismo. Inalis na ng uring burgis at pesante ang paghahari ng monarkiya at piyudalismo ng mga basalyo, duke, hari, panginoong maylupa, at saserdote sa buong Europa. Ang Paris Commune (1871) ang nagsilbing simbolo ng tunggalian ng mga uri at puwersa sa lipunan. Parang puno na puno na ang Europa at Latin Amerika. Kulang na rin sa mineral at iba pang kayamanan. Kaya naman, ang kanilang atensyon ay nilipat nila sa Asya, Gitnang Silangan, at Aprika. Marahil ay epekto ito ng dulo ng Rebolusyong Industriyal sa Europa at Amerika bilang bagong anyo ng imperyalismo.

Sa konteksto ng Pilipinas, matagumpay na nahati ng mga Amerikano ang isang maliit ngunit edukadong bahagi ng Magdalo, na sumusuporta sa kanila sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Sa kabuuan ng proseso, ang wikang Ingles ang naging pangunahing kasangkapan sa pagpapatupad at pagpapatibay ng kolonyal na adyendang pampulitika at pang-ideolohiya (San Juan, 1998). Magiging porma ng kontrang-hegemoniya ang konsepto ng pagiging bansa mula sa pagiging kolonya, na isang likas na anti-tesis sa kolonyalismo. Ngunit batid na ito ng mga Amerikano bago pa man ang Mock Battle sa Manila Bay (1898), dahil ang pagkakalikha ng Pamahalaang Komonwelt na may opisyal na wika na Ingles at Kastila ay nakabatay pa rin sa konsepto ng civilizing mission, ayon kay MacArthur, na kung saan para kay San Juan ay nagpapatupad ng kolonyal na proyekto at ganap na nagbibigay-daan sa pagbabagong-anyo ng mga indio tungo sa pagiging sibilisado. Marahil ito ang isa sa mga dahilan kung bakit wala tayong kinatawan sa Treaty of Paris (1898).

Ang wikang Ingles ang magiging kasangkapan upang ihanda ang mga Filipino bilang ganap na colonized subject para sa isang globalized na komunidad. Ipatatapon sila sa iba't ibang bahagi ng mundo, tulad ng mga Ilokano at Pangasinense na ipinadala sa mga plantasyon ng tubo sa Hawaii. Malinaw itong naitala nina Pedro Calosa at Carlos Bulosan na parehong taga-Pangasinan. Kay Bulosan ay mababasa ang kanyang karanasan sa librong *America is in the Heart* (1946). Ayon kay Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Bien Lumbera, ang wikang

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



Ingles at ang mga pagsubok na kinakailangan upang matutunan ito ay nagdala sa mga Pilipino ng mga ideyang idinagdag nila sa kanilang pambansang kultura sa pamamagitan ng kanilang ugnayan sa Estados Unidos (2007). Ang paggamit ng wikang Ingles ay nag-impluwensiya sa mga Pilipino patungo sa kultura at pananaw ng mga Amerikano; maaaring ang pagtangkilik sa mga katutubong wika ay may ibang dinadaan na takbo ng pangyayari.

## ANG WIKA AT POLITIKA BILANG BAYO (AT)LENTE

Ayon kay E. San Juan, Jr., ang wika ay nakalubog sa daloy ng mga kontradiksyon sa lipunan, at sa pagsusuring ito, malinaw ang paggamit niya ng Marxistang lente. Upang hindi maligaw sa mga kontradiksyon sa lipunang Pilipino, pinakamainam gamitin ang Dialectical Historical Materialism (DHM) ni Karl Marx. Sa ganitong paraan, matutukoy natin ang mga historikal, politikal, at ideolohikal na salik na malaki ang impluwensiya sa paghubog ng patakarang pangwika ng isang bansa, na sumusunod sa konsepto ng globalisadong komunidad at malayang sona.

Ang tunggalian ng mga uri, na nagpapagalaw sa wika at politika, ay bunga ng panloob na kontradiksyon sa relasyon sa moda ng produksiyon at sa paggamit ng mga kagamitan sa produksiyon. Ito ang sentro ng prosesong transgresyon ng mga lipunan sa bawat yugto ng kasaysayan, at sa pinakatungki ng kontradiksyong ito'y likas na isinisilang ang mga rebolusyon at digmaang palaging nasa antas henesis. Ang mga ito ay walang katapusan dahil sa likas na batas ng kasaysayan at lipunan. Sa estruktural na pananaw, ito ang tinatawag na economic determinism, kung saan ang ekonomiya ang nagtatakda sa politika, kultura, at militar ng isang lipunan. Ang estruktura ng lipunan ay umiiral dahil sa kontradiksyon, at kung magwawakas ang estrukturang ito, magwawakas din ang estruktural na kontradiksyon. Bababalik ang lahat sa tunggalian ng tao at kalikasan, ngunit sa isang mas mataas na anyo ng kalayaan, pantay-pantay na pagtingin, at pagkakapatiran ng sinaunang mga gentes (Engels, 1884).

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*  
Sa estruktural na sitwasyon ng wika, dahil sa kontradiksyon, ang wika ay hindi lamang bunga ng iba pang mga batayan sa isang partikular na lipunan, kundi kabuuan ng kasaysayan ng lipunan at ng mga batayan sa daang taon. Ito ay nilikha ng mga uri ng lipunan (Stalin, 1972). Sa madaling sabi, ang pag-unlad ng wika ay parang daloy ng tubig na bumubuhay sa mga kontradiksyon na bunga ng higit sa isang muhon.

Sa papel na ito, pinahalagahan ang biograpiya at mga larawan (photographic research) ni Dr. Manuel V. Gallego, pati na rin ang mga sipi ng mga pahayagan, upang masuri ang dialectical at historikal na ugnayan niya sa wika at politika ng kanyang panahon. Mula rito, makikita ang posisyon at tunguhin ng kanyang monograph na *The Language Problem of the Filipinos* (1932), na halos hindi na alam ng publiko, maging ng maraming iskolar sa bansa.

## **AKSIDENTENG PAGKATISOD SA NAWAWALANG MUHON**

Isinasaad sa mga lumang dokumento ng aklatan ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC)<sup>1</sup> na pinamamahalaan ng isang retiradong librarian na si Dr. Leonida Paez na noong ika-18 ng Enero, 1893, sina Julio Gallego at Inocencia Viola ay nagkaroon ng isang anak at pinangalan nila itong Manuel Viola Gallego. Ayon sa mga kuwento ng mga taga- San Miguel De Mayumo, Bulacan ay sa lumang bahay ni Dr. Maximo Sison Viola siya ipinanganak, ang kasama ni Rizal noon sa Alemanya at siyang nagpautang ng salapi para mailathala ang *Noli Me Tangere* (1887).

---

<sup>1</sup> Noong 1974, binago ni Dr. Gallego ang Central Luzon Education Center (CLEC) patungo sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges, Inc. (MVGFCI), isang non-sectarian at non-profit na eskwelahan.

\*\*\*\*\*

### **Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### **Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010


Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*



*Mula kaliwa: Kasama ni Dr. Gallego si Dating Pangulo Carlos P. Garcia; PhilPost Stamp na inilabas ng National Postal Office noong 1993. (MVGFC Archive)*

Nagtapos si Dr. Gallego ng kanyang pag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas, kung saan siya kumuha ng tatlong degree: isang Batsilyer sa Sining (1915), isang Batsilyer sa Batas (1918), at isang Masterado sa Batas (1923). Sa parehong taon, siya ay nagtapos mula sa Unibersidad ng Santo Tomas kung saan niya nakuha ang kanyang Licencia de Jurisprudencia. Likas ngang matalino si Dr. Gallego sapagkat tatlong taon lamang niya tinapos ang kurso sa abogasya bagay na malayo sa kanyang mga kasabayan noong mga panahong iyon. Sa sumunod na taon ay nagpetisyon siya sa noo'y Supreme Court Judge at Dekano ng UP College of Law George Malcolm na payagan siyang kumuha na ng eksamenasyon pero siya ay nabigo. Katwiran ng bagitong Dr. Gallego'y sa anumang larangan ng karera, ang pinakamabilis ang tiyak na nagwawagi ng unang gantimpala. Subalit tahasan siyang sinagot ng dayuhan na, tayo'y pinamumunuan ng batas at hindi ng regulasyon at batas ng karerahan ng kabayo (Fajutagana & Lucero, 2020).

Makaraang maipasa niya ang eksamen sa pagka-abogado, at dala marahil ng kahihiyang tinamo sa kanyang dekanong kaya ngayon ay dapat lalo pang patunayan sa kanyang sarili, ay

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
dagli siyang nakipagsapalaran sa Estados Unidos gaya ng marami noong Filipino kung saan siya ay pumasok sa Chicago Northwestern University upang kumuha ng Juris Doctor noong 1928 at bumalik sa kanyang sariling bansa upang magpatuloy sa kanyang edukasyon. Ang kanyang disertasyon na pinamagatang A Critical Study of the Usury Laws (ACT 2655) ay naging isang aklat na nagsilbing sanggunian sa iba't ibang mga paaralan ng batas sa Filipinas paglaon. Gaya ng tiyuhin niyang ni Dr. Viola, naglakbay din sa Espanya noong 1919 upang simulan ang kanyang postgraduate na pag-aaral sa Universidad Central de Madrid bago bumalik sa Estados Unidos. Sinimulan niya ang kanyang karera sa batas at agad na naging kilala sa kanyang kahusayan dahil sa maingat na pamamahala sa mga kasong nakatuon sa alitan sa lupa lalong-lao na sa pagitan ng Panginoong Maylupa at mga kasamá partikular sa Gitnang Luzon.

Nang siya ay tumakbo bilang kinatawan ng Unang Distrito ng Nueva Ecija noong 1931 ay hindi nagdalawang -isip ang mga kasamá na siya'y ipaupo sa Pambansang Asembliya hanggang 1941. Noong 1941, habang ang Hapon ay inookupa ang bansa, siya ay muli na namang nahalal at nagtrabaho para sa Pamahalaan Papet ni Laurel. Ilan sa mga pagsisikap ngayon hinggil sa Reporma sa Lupa, kung tutuusin, ay nagsimula sa kanya bilang isang kinatawan.

Malamang ay hindi alam ng marami, lalo na ng mga iskolar, na si Dr. Gallego ang nasa likod kung bakit hinirang ni Manuel L. Quezon ang Tagalog bilang Wikang Pambansa noong Disyembre 30, 1937 sa pamamagitan ng Kautusang Pambansa Bilang 134. Nasaan ang patunay? Inilimbag mismo ng Bureau of Printing ng Malakanyang noong 1932 ang monograph ni Dr. Gallego na pinamagatang The Language Problem of the Filipinos. Kung mababasa niyo lamang ang monograph na ito ay makikita niyo na hindi na bago ang debate sa Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa kasalukuyan sapagkat isandaang taon ang nakakaraan ay pinagpunyagihan na ito ni Dr. Gallego na radikalisin ang paggamit ng mga diyalekto na nakaimpluwensya naman panigurado sa mga lingguwistang Filipino at iskolar tulad ng Iloilo Experiment ni Jose V. Aguilar, ang Mother Tongue Experiment sa Ilocos Norte

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
Agricultural College ni Dr. Pedro G. Guiang, at ang eksperimento ni Pedro T. Orata sa Cebu noong 1948. Nakakalungkot nga lamang at hindi man lamang binanggit ni Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Rio Alma si Dr. Gallego sa libro niyang Ang Wikang Pambansa at Amerikanisasyon: Isang Kasaysayan ng Pakikihamok ng Filipino para Maging Wikang Pambansa (2023) na inilabas ng Ateneo De Manila.

Ibig kong gunitain nawa natin na sa buong Kapulungan ng mga Kinatawan sa panahon na iyon, siya ang nagtaguyod ng karamihan sa mga batas na hindi lamang nakatuon sa lupa kundi maging sa paggawa. Ang parehong panukalang batas na nagpayag na ang buwis sa lupa ay maaaring bayaran ng baha-bahagya at ang panukalang batas na nagbigay ng matayog na karapatan sa mga kababaihan na bumoto ay isinulat niya at parehong naging batas. Nag-ambag din si Dr. Gallego sa Rice Tariff Bill, na kalauna'y ipinasa bilang isang batas. Bilang pagkilala sa kanyang mga kontribusyon sa bansa mula 1931, siya ay pumangalawa sa mga mambabatas batay sa isinagawang 1942–1945 Philippine Free Press Rating. At pagkatapos tuldukan ng bomba atomika ni Oppenheimer ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, itinalaga siya sa Philippine Congressional Rehabilitation Reconstruction Commission noong 1945 na pangunahan ang pagsasaayos ng bansa mula sa karahasan at pagkasira dulot ng imperyalistang digmaan katuwang ang mga kasapi ng pamahalaan ng Estados Unidos. Ang muli kong tanong, nagugunita pa ba siya sa mga gamit nating textbook sa kasaysayan na siya nating bibliya sa elemantarya, sekundarya, at kolehiyo? Mukhang hindi.

## **Gunita, Wika, at Politika**

Tunay at totoong dapat linangin ang gunita sapagkat may kakayahan itong gawing mabuti ang masama gaya na lamang ng/sa muling pagsamba ng mga Filipino sa dating diktador ng Filipinas, na halos walang pinagkaiba sa muling pagsibol ng Far Right sa Europa. Ang kahungkagan ng hindi nalinang na gunita, gaya sa isang tipak ng lupang tinubuan ng makakamandag na damo'y nakamamatay at salot na paglinang ang inihahain nito sa ibabaw

\*\*\*\*\*

### **Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### **Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
ng lupa. Hindi lamang tama sina Bulosan, Agoncillo, at Constantino sa kanilang mga napansin hinggil sa mis-edukasyon ng/sa mga Filipino sa ilalim ng kolonyal na edukasyon ng mga Amerikano kundi, pawa na ring namamana ang kamangmangan.

Sa website ng DepEd at CHED ay hindi man lamang nabanggit si Dr. Gallego na kung tutuusin ay naglingkod bilang huling Kalihim ng Instruksyon ng Pamahalaang Komonwelt. Sa Administrasyon naman ni Roxas, siya ay naglingkod bilang unang Kalihim ng Edukasyon ng Ikatlong Republika ng Filipinas kung saan bilang kalihim, pinangalagaan niya ang paglago ng kultura sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga bagong aklat-aralin na isinulat ng mga Filipino tungkol sa politika ng Filipinas, kasaysayan, agham panlipunan, at iba pang kaugnay na paksa, tulad ng mga sulatin at korespondensiya ni Rizal. Nakakapanghinayang sapagkat tila tumatanda nang paurong ang mga Filipino, kahit pa umumang na ang mga pintuan at bintana ng mundo na pawang sa bunganga ng patibong.

Sa isang imaheng nakasabit sa dingding ng Conference Hall ng MVGFC ay nakasulat-kamay pa ang patunay na isa dapat si Dr. Gallego sa maraming kinikilalang muhon ng edukasyon sa Filipinas. Ipinapakita ng imahen na noong 1946 ay kasama at pinangunahan ni Dr. Gallego ang pagpasinaya sa busto Padre Benavides sa/ng Unibersidad ng Santo Tomas, kumbaga'y naroroon siya noong mga panahong iyon bilang saksing kinatawan ng Estado na may katumbas nang pagbabasbas.

Ang School Health Act ng 1946 na ipinatupad ng lehislatura bilang tugon sa kanyang mga mungkahi na tugunan ang mga medikal at dental na pangangailangan sa mga magaaral sa lahat ng institusyon ng edukasyon na nag-aalok ng sekondaryo at kolehiyong digri. Bukod dito, isinulong din ni Dr. Gallego ang mga pagbabago sa kurikulum alinsunod sa pagbabago ng panahon at pangangailangan ng bansa at daigdig. Ang kanyang mga pagsisikap ay nagresulta sa pagsasabatas ng Kongreso ng isang panukalang batas na naglalayong itaas sahod ng mga guro upang lalong mahikayat ang populasyon na pumasok at manatili sa

\*\*\*\*\*

## **Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## **Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
propesyon ng pagtuturo. Sa mga sumunod na taon, itinatag niya ang National Cooperative for Teachers (NCT) upang tulungan ang mga guro sa pananalapi, lalo na sa pagkuha ng mga pautang. Nilikha at ipinatupad niya ang isang programa na nagpapahintulot sa mga guro na magpatuloy ng kanilang pag-aaral sa ibang bansa sa mga teknikal na larangan at sa mga makabagong teknolohiya at sistema para sa pamamahala ng proseso ng edukasyon. Bilang resulta, ang Estados Unidos at ang Filipinas ay pumirma sa Fulbright Pact noong Marso 1948, na nagbibigay ng pondo para sa mga pag-aaral sa ibang bansa ng mga guro at mag-aaral mula sa isang espesyal na pondo na nilikha mula sa pagbebenta ng sobra-sobrang ari-arian ng Amerika sa Filipinas.

President Garcia shakes hand with Inamullah Khan, Pakistani delegate to the first conference of Asian United Nations. The President opened the conference at the WHO session yesterday. From left: Dr. Manuel V. Gallego, President of the United Nations Association of the Philippines; the First Lady of the President; Francisco Dalupan; and Mr. Khan<sup>2</sup>. Ito ang paglalarawan sa isang nakasabit na imahen, na may sukat tig-anim na pulgada ang bawat kanto, sa dingding ng lumang gusali ng MVGFC na, ayon sa mga haka ng mga tindera sa Zulueta Street ay dinoneyt ni Gen. McArthur noon kay Dr. Gallego. Sa aking tantya ay 1946 ito, na malamang sa malamang, ay tama rin sapagkat makikita ito sa mga naging gawain panlabas ni Dr. Gallego bilang isang diplomat. Pero bago nito, kabilang siya sa mga dumalo sa unang Oriental Tourist Conferences noong 1935 kung saan siya ang kinatawan ng Filipinas sa Tokyo. Pagkatapos naman ng digmaan ay naging kasapi siya ng Far Eastern Commission (FEC), na itinulak ang pamahalaan ng Hapon para sa malalaking reparasyon para sa pagnanakaw na idinulot ng mga Hapones na mananakop sa mga bansang inokupa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Upang palakasin pa ang kapayapaan sa pagitan ng Korea at ng Filipinas noong 1946, siya ay naglakbay papuntang Korea. Naging delegado rin siya sa kauna-unahang United Nations Assembly, na ginanap sa London noong parehong taon. Pinangunahan din niya ang koponan

---

<sup>2</sup> The Manila Times, July 7, 1959.

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*  
ng Filipinas sa ECAPE Conference sa Australia noong 1949, kung saan siya ay tumindig alang-alang sa mga ekonomikong karapatan ng isang bansa. Taong 1950 naman nang siya ang nagsilbing tulay upang legal na mapag-usapan ang Treaty of Friendship and Amity (TFA) sa pagitan ng Indonesia at ng Filipinas. Ayon sa isang sipi mula sa The Manila Times, ang lahat ng mga gawaing panlabas na ito'y naging matagumpay.

Nagugunita pa ba ng mga taga-UP na si Dr. Gallego ay napili na pamunuan ang Board of Regents (BOR) nito dahil sa kanyang kahusayan sa larangan ng edukasyon at bilang isang miyembro ng Konseho ng Estado? Sana ay oo. O ng mga mag-aaral at fakulti ng Unibersidad ng Maynila (UM) na minsan, siya ay naging Propesor at Dekano sa Kolehiyo ng Batas? Sana ay oo rin. At sino pa ang maaaring makagunita na bukod dito, hinawakan din niya ang posisyon bilang Kalihim ng Board of Trustees ng Manila College of Pharmacy and Dentistry (MCPD), na sa mga sumunod na panahon, siya ay itatalaga bilang Chancellor ng Manila Central University (MCU)? Sana ay oo nga rin. Pero malamang sa malamang ay hindi na rin. Hindi na. Hindi na gaya sa isang naglahong nabubulok na burol ng mga bangkay ng mga Kolorum at Guardia de Honor ng Tayug pagkatapos ng Pag-aalsang Tayug 1930.

## Sa Ngalan ng Gunita ng Wika at Politika

Patuloy na nabuhay ng may dignidad at karangalan si Dr. Gallego. Ang parehong Central Luzon School of Nursing (CLSN) sa Cabanatuan City, Nueva Ecija at ang Central Luzon Educational Center (CLEC), na ngayon ay kilala bilang MVGFC, ay kanya ngang itinatag sa edad na pitumpu. Ayon sa aking suri, lumalabas na ang iisa ang personal at sosyal na pag-iral kay Dr. Gallego. Makikita ito nang maglingkod siya bilang pangulo ng ilang mga kilalang organisasyon dahil sa kanyang malawak na interes kabilang ang Manila Tobacco Association (MTA), Philippine Constitutional Association (PCA), National Rice and Corn Growers Association (NRCGA), at Philippine Association of Colleges and Universities (PACU). Naglingkod din siya bilang Pangalawang Pangulo ng Foreign Affairs Associations of the Philippines (FAAP).

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Kung, ayon kay Dr. Gallego, na ang buhay ay parang sa karera ng kabayo, nagugunita pa rin ba ng mga mananaludtod at karerista sa pitak ng mga salita at balarila ang bunga ng kanyang pakikipagsiping sa kanyang musa sa hindi mabilang na gabi at madaling -araw? Hindi alam ng marami na siya'y isang produktibong manunulat ng ilang mga aklat kabilang ang The Philippine Election Law, Dictatorship Under the Mask of Democracy, Economic Emancipation, The Price of the Philippine Independence, The Philippine Trade Act in the Light of History, A Critical Study of the Philippine Usury Act, Bar Evidence, at The Philippine Law of Water and Water Rights. Kontributor din siya sa unang libro ng Law on Obligations. Tinangka kong hanapin ang mga ito sa website ng Pambansang Aklatan ng Filipinas para sa ginagawa kong pananaliksik sa kanyang buhay, gawa, at mga sulatin, pero gaya sa naglahong burol ng mga bangkay ng mga Kolorum at Guardia de Honor ng Tayug, ay wala na ang mga ito. Wala na. Wala na.

Ayon naman sa kanyang apo na si Dr. Joseph L. Gallego<sup>3</sup> ay mayroon siyang nakita noon sa Library of Congress sa Amerika. Paanong walang nalabi ni isang katiting ng damo sa isang bantayog ng isang dakilang tao kahit pa si Dr. Gallego ay tumanggap ng maraming parangal at pagkilala mula sa iba't ibang organisasyon para sa kanyang papel bilang isang kilalang mambabatas at matalinong awtor at manunulat? Kumakalansing pa rin ba ang mga medalyon na iginawad kay Dr. Gallego ng Philippine Association of Doctor of Civil Laws (1967), National Executive Committee of the National Youth Day Award (1967), International Chamber of Commerce (1958), Association of Rice and Corn Producers of the Philippines, Inc. (1966), Surian ng Wikang Pambansa (1967), Philippine Constitution Association (1968), Philippine Association of Colleges and Universities (1967), Pamantasang Maynila (1970), United Commentators Award (1965), at International Academy of Leadership (1967 at 1969) sa gunita ng bayan? Literal yatang hindi nga naisasama sa kabilang buhay ang anumang yamang ipinunla sa lupa, o dili kaya'y hindi lamang natin siya naisama sa ating indibidwal at kolektibong

<sup>3</sup> Kasalukuyang pangulo ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges.

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



\*\*\*\*\*  
gunita? Kaya, para na nga lamang siyang alikabok sa kahabaan ng Daang Vergara patungong Talipapa, o dili kaya’y sa bako-bakong daan ng Bibiclat, Aliaga na dinarayo tuwing Kapistahan ni Juan Bautista at ng mga rebolusyunaryong Taong-Putik.

## UNANG SEKSIYON: ILANG APORISMO NI DR. GALLEGO

Mahigit isandaang taon ang nakakalipas ay winika ni Doctor Saleeby, sa sanaysay niyang “The Language of Education in the Philippine Islands” na “there is no sweeter language than one’s own. To the Anglo-Saxon there is none better than the English; to the Italian there is no better than the Language of Dante; to the French there is none better than the French language; and to the Chinese there is no sweeter than that of the great Confucius. Consequently, to the Filipinos there is no sweeter tongue than his own dialect ” (Gallego, 1932). Mula ito sa bibig ng isang banyaga subalit mababanaag natin ang mataas na pangangailangan sa isang pambansang wika na kakatawan sa katawan at kaluluwa ng isang bayan.

Gaya sa pagkakalatag ng prinsipyo at argumento sa konstitusyon ay ganitong-ganito rin ang pagkakakamada ng mga seksiyon ng buong monograph. Kaya, mainam na mailatag muna natin ang unang bahagi na siyang nagbibigay-diin sa importansya ng isang pambansang wika ng mamamayan. Mahalagang makita rin na mulat at malay si Dr. Gallego na bumalik sa argumento ni Rizal sa pamamagitan ng siping ito:

Jose Rizal, the greatest man of the Malayan race, speaking of the importance of the language of a people, has expressed himself in Tagalog, thus: Ang pagangkin sa ibang wika ay pagpatay sa sariling katangian, pagpapagod na boihisan ang ibang kaisipan ang sariling pagkukuro, sariling katangian, PAGPAPASAILALIM NG IBANG UTAK NG INYONG MGA PAGIISIP, hindi upang lumaya kundi upang magingtunay na alipin pa nga. Samantalang ang isang bayan ay may sariling wika ay taglay niya ang kanyang kalayaan, gaya rin naman ng pagtataglay ng

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*  
tao ng pagsasarili samantalang tinataglay ang kanyang sariling pagkukuro. Ang wika ay siyang pag-iisip ng bayan (Gallego, 1932).

Sumagi sa aking isipan bigla ang artikulo ni Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Virgilio Almario sa Kulo at Kolorum (2020) na pinamagatang "Rizal: Kaaway ng Wikang Filipino?" sa kadahilanang una, kabilang sa Ilustrado sina Dr. Jose Rizal at Dr. Maximo Sison Viola na tiyuhing buo ni Dr. Manuel Viola Gallego, at ikalawa'y parehong aral silang tatlo sa Europa. Kung gayon, hindi ba kalabisan kung aking iisipin na si Gallego ay kaaway ng wikang Filipino? Ang sagot ay hindi sapagkat, mula na rin sa obserbasyon ni Almario at sa akin, lumalabas na halos pareho sina Dr. Rizal at Dr. Gallego batay sa mga sumusunod na punto, mas mataas nga lamang ang ikalawa:

Dr. Jose P. Rizal	Dr. Manuel Viola Gallego
Sinikap niyang ipasalin ang mga nobela niya sa Tagalog at nagplano ng isang pangatlong nobela sa Tagalog, ang Makamisa.	Pinangunahan niya ang pagpapasa ng isang panukalang batas na magsusulong sa paggamit ng dayalektong ginagamit sa lokalidad gaya ng Tagalog, Ilokano, at Cebuano bilang pangunahing wika sa edukasyon at burukrasya. <sup>4</sup>
Ang malasakit niyang makatulong sa pagpapahusay ng pagsulat sa Tagalog sa pamamagitan ng kaniyang <i>Estudios sobre la lengua tagala na</i> pinilit niyang tapusin habang nakadestiyero sa Dapitan.	Pinangunahan niya ang pagsusulong ng panukalang batas na pagtatakda sa Tagalog bilang Pambansang Wika bilang sekundaryong wika sa edukasyon at burukrasya. <sup>5</sup>

<sup>4</sup> Tignan sa pahina 26 ng The Language Problem of the Filipinos.

<sup>5</sup> Tignan sa pahina 27 ng The Language Problem of the Filipinos.

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
Nga lamang at hindi malinaw kung saan sinipi ni Dr. Gallego ang puntong ito ni Dr. Rizal. Sa kabilang banda, ang merito ng pagsisipi ni Dr. Gallego ay kulang tatlong dekada lamang ang pagitan.

Taglay ni Dr. Gallego ang rebolusyunaryong katangian ng Ilustradong Filipino. Maliban sa tahasan niyang pagbangga sa mga pamantayan ni Dekano Malcolm, ang pagsipi niya sa panimulang pananalita ni Vice- Governor George Charles Butte na pinamagatang "Shall the Philippines Have a Common Language?" ang magpapatunay dito:

It is upon the rock of spiritual power and not upon the sand of material wealth that the Philippine nation must build its house of it is to stand the shocks of the storms which are certain to beat it in the years to come (Gallego, 1932).

Matalinghaga nga lamang ang puntong ito ni Butte at hindi malinaw kung ano ang tinutukoy niyang "spiritual power", ito ba ay ang wika? O ito ba ay ang kamalayan ng isang bansa?

Magpaganunpaman, mainam na, ayon sa monograph, ay ating mabatid na hindi lamang si Dr. Gallego ang may pagnanais itindig ang isang pambansang wika. Sa pananalita ni Assistant Director Eulogio Rodriguez ng Philippine National Library, tinuran niyang "language is the medium of comprehension between individuals and groups. It is the vehicle of thoughts and ideas, of all the spiritual and material manifestations of a race. It is the only means by which one people may hope to penetrate the inner life of another people" (Gallego, 1932). Dagdag pa ni Rodriguez:

As mode of speaking, says a sage, portrays the human individual with all his personal characteristics better than any external manifestation, so the most distinctive and noteworthy characteristic of each people and race is its language. Hence, it may be said with truth, the style is the man and the language is the race (Gallego, 1932).

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*

Ang kritikal na posisyon ng monograph ay lubhang kahanga-hanga sapagkat naisulat ito sa yugto ng kasaysayang Filipino na nasa pamamayagpag ang impluwensiyang Amerikano sa buong estruktura ng lipunang Filipino. Kapansin-pansin din ang mga punang ito ni Dr. Gallego hinggil sa kolonyal na adyenda at polisiya ng Amerika:

1. The Americans believe it to be an honor and a duty on their part to teach English to the Filipinos.
2. The Filipinos themselves consented to its adoption and there were some who even asked for it.
3. Very few Filipinos understood the Spanish language then.
4. It was deemed the most practical, in as much as it was difficult to translate the textbooks into the different dialects spoken in different places throughout the Islands (Gallego, 1932).

May sinasabi rin ang monograph hinggil sa tila balimbing na posisyon ni Apolinario Mabini hinggil sa wika at politika ng Filipinas:

In connection with the second reason, it may be stated that prominent Filipinos have expressed their opinion that English should be the language of instruction in our schools. Mabini himself said that as soon as English becomes of common knowledge among the Filipinos, it should be made the official language (Gallego, 1932).

Ang halimbawang ito marahil ang tinutukoy ng ikalawang puna ni Dr. Gallego.

Ang pagkahumaling ni Mabini, gaya ng maraming Filipino, sa wika at politika ng mga Amerikano ay mauugat, kung hindi kalabisan sa obserbasyon ng isang opisyal militar ang Amerika. No instruction in native dialects is desirable. . . English is desired by the natives, and

\*\*\*\*\*

### **Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### **Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*  
undoubtedly it should be the language basis of public-school work, but it should be introduced gradually (Gallego, 1932).

Dagdag naman ni Eufronio Alip:

But then, some may assert that English being taught in schools and that it being the language of the ruling class, it is but natural for us to adopt that language (1930).

Kahit pa pinopostura si Mabini na radikal sa pelikulang Heneral Luna (2015) ay lumalabas ngayon na isa ring kapitulador ang Dakilang Lumpo ng Rebolusyon. Ang pagbasang ito ay sasaluhin ng sunod na talata sa bahaging ito ng monograph:

Referring to the third reason, the report of the Bureau of Education in 1902 states among other things that 'the natives are reported as eager to learn English, and the use of Spanish or the native dialects is generally depreciated.' It was further contended that 'there is no need of perpetuating the Spanish language, for it is understood by only a small part of the native population (Gallego, 1932).

Ang institusyunalisasyon sa wikang Ingles bilang wika at politika ng kolonyalismong proyekto ay matapang na pinuna ni Alip sa pamamagitan ng paglalahad na the longer the ruling power rules his subjects, the greater the influences is felt, and vice versa (1930). Giit din ni Dr. Gallego, gamit si Doctor Saleeby, the policy that restricts the language of instruction to English alone is not wise. It does not meet the needs of the country. It does not fulfill the aims of the Government. It is not a fit medium of education for the masses. It cannot replace the dialect of the barrio or supersede the language of the home (1932).

Kaya, tama ang sinabi ni Almario na ginamit naman talaga ang Ingles para epektibo at pangmatagalang mahubog ang kamalayang Amerikanisado. Praktikal din para sa Amerika na

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
gamitin ang mga gurong sundalo at Thomasites na gamitin sa instruksiyon ang Ingles upang mabisang maihasik ang konsepto at halagahang kolonyal ang wika at politika ng mananakop (2023).

## ENGLISCHES

Sa paglipas ng panahon sa kasaysayan ng ating bansa, marami ang nabigo at naligaw. Ang ilan ay naligaw sa paraan na inakala nilang magliligtas sa kanila ang dayuhang kapangyarihan, samantalang naging salungat naman ito sa pag-unlad at sibilisasyon ng mga katutubo na may sariling identidad at autonomiya bago pa man ang panahon ng kolonyal na pananakop. Sa kasalukuyan, ang ganitong kaguluhang ito ay isa rin sa mga dahilan kung bakit ang pagkakaisa at anyo ng kilusan, kabilang ang aspeto ng wika, ay mahirap pangunahan at buuin sa kasalukuyang kalagayan.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945, mas tumindi ang labanan sa pagitan ng mga bansang nanalo at natalo sa digmaan. Sa kabilang dako, ang mamamayan sa mga dating kolonya ng Pransya at Britanya ay nagsimulang lumaban para sa kanilang pambansang kalayaan. Sa mas matinding tunggalian ng mga uri at puwersa, nabuo ang teorya ng dekolonisasyon ni Fanon, na tumatalakay sa aspeto sa isipan at damdamin. Ito ay parang isang multo na patuloy na bumabalik hanggang sa mamulat ang mga aliping uri sa kanilang soberanya bilang mga nilalang at mamamayan ng mundo. Sa Pilipinas, nanatiling dominanteng wika ang Ingles, samantalang napapabayaang ang Tagalog at iba pang rehiyunal na wika. Ito ay napatunayang sa mga pagpupulong sa Konstitusyonal noong 1971-1973 at 1986. Bagamat ipinag-utos noong 1959 at 1969 ang paggamit ng wikang Pilipino sa edukasyon, ang pag-angkin ng Ingles bilang pangunahing wika ay nanatili. Ang Ingles ay patuloy na nagiging simbolo ng proyektong kolonyal at nagpapakilala ng Pilipinas bilang sibilisadong bansa, habang ang mga katutubong wika ay nananatiling kontra sa imperyalistang kapangyarihan.

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Ang globalisasyon ay nagdudulot din ng impluwensiya sa wikang pambansa at global. Sa Pilipinas, ang Ingles ay patuloy na itinataguyod bilang pangunahing wika sa burokrasya, ekonomiya, at kultura, na nagsisilbing instrumento ng pandaigdigang kapangyarihan. Sa kabila nito, ang mga katutubong wika ay patuloy na lumalaban sa marginalisasyon at nagsisilbing alternatibong sandata sa laban para sa pambansang demokrasya.

Sa kasalukuyan, ang pangangailangan ng globalisasyon para sa wikang Ingles ay patuloy na isinusulong, habang patuloy na nagaganap ang labanan para sa pagkilala at pagpapahalaga sa mga katutubong wika. Subalit sa kabila ng mga hamon na ito, patuloy ang pakikibaka para sa pambansang identidad at wika ng Pilipinas, sa harap ng hamon ng globalisasyon at imperyalismo.

Ngunit kung tutuusin, tila may kakulangan sa pagkilala kay Dr. Gallego sa mga kilalang globalization platform tulad ng Google at Wikipedia. Sa panahon ng Artificial Intelligence at Ikalimang Rebolusyong Industriyal, tila hindi gaanong kilala si Dr. Gallego maliban sa ilang mga online na mapagkukunan tulad ng website at Facebook account ng MVGFC, o maaaring sa mga post na gumagamit ng #MVGFC na nagpapakilala sa kanya sa internet analytics. Ang pangyayari ay tila nagpapakita na ang sitwasyon sa Cabanatuan City ay parang isang insidente lamang, kagaya ng argumento noong panahon ng Rehimeng Duterte sa kaso ni Kian Delos Santos at iba pang biktima ng Oplan Tokhang. May katahimikan sa usaping ito na pinag-isipan ng isang makata at propesor na Ilokano mula sa bayan ng mga Isinai. Tinanong niya ang kanyang klase, "Sino ang nakakagunita ngayon kay Dr. Gallego?" at ang tugon ng isa niyang estudyante ay, "Eskuwelahan ng mga bumagsak sa mock board," na nagdulot ng tawanan sa klase. Ito ay magkaiba sa impormasyon na makikita sa isang lumang tarpaulin sa ilalim ng Ramento Building na naglalarawan kay Dr. Gallego bilang isang mahusay na abogado, diplomat, estadista, at edukador. Sa ganitong paraan, tila walang pagkakaiba si Dr. Gallego sa mga bayani ng digmaang hindi kilala o walang natitirang alaala, walang ranggo, at hindi man lamang naiwan na abo.

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*

## NON CONSUMATUM EST

Ngunit, hindi maaaring patayin ang diwa ni Dr. Gallego gaya na lamang sa mga simbulo ng kadakilaan ng ating bansa tulad ng/sa wika at politika ng ating bansa. Mainam na pagnilayan ang punto ni Dr. Rafael Herrmann na:

All patriotic Filipinos who possess the blood that runs in the veins of their leaders and patriots must struggle to establish their own language if they want to maintain their own individuality as a people and as a race (Gallego, 1932).

Sa ganang akin, ang nosyon ng pag-angkin sa wika at politika, ng Tagalog halimbawa, ay malalim ang koneksyon sa gunita.

Kung may mga imposibleng wasakin sa pamamagitan ng dahas at panlinlinlang ay gayundin ang/sa gunita. Bagamat isa itong malungkot na pangyayari, maaari namang magmula rito ang bagong gloria! Ito rin, ayon sa mananasaysay na Aleman na si Heinz Risse, ang nais ipunto ng/sa sinulat na pangungusap ni Henry Bordeaux noong Pebrero 1917:

De Verdun ville de douleur, datera pour la France, une nouvelle ere de gloire (1973).

Ngunit maaari kayang sa makapal na agiw ng nakalimutang kasaysayan sisibol ang isang bagong panahon para kay Dr. Gallego? Kung kina Homer at Goethe ay oo! Kung kina Amado V. Herdandez at Lazaro Francisco ay isa ring mapanghimagsik na oo! Sa kaso ng simbolismo, nagaganap ito sa mga taunang indibidwal at kolektibong paggunita tuwing Enero 18, hindi man sa pambansang entablado ng buong bayang Filipinas, kundi sa kakapiranggot na espasyo ng lumang himnasyo ng paaralang kanyang itinayo sa ngalan ng isang makataong sangkatauha't may matayog na pagpapahalaga sa kapayapaan at kalayaan sa anumang uri ng salot. Sa paggunita sa kanyang ika-130 na kaarawan noong Enero 18, 2023, ang Order of

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
the Knights of Rizal- Balangay ng Lungsod Cabanatuan na nasa ilalim ng pamumuno ng magiting na makata't manunulat nilang kumander at sa pamamagitan ng patnubay at ekstra-ordinaryong pangangasiwa ni Sir Paul G. Bilaoen, KGOR (Kumander Panrehiyon para sa Gitnang Luzon) at Sir Gerardo V. Calderon, KGCR (Supremo), ay iginawad sa wakas ang pinakamatayog na pagkilala ng kapatirang Rizalista ang pagkilalang postumo kay Dr. Gallego dahil sa mga sumusunod na kadahilanan:

bilang pagkilala sa kanyang marangal na paglilingkod at mga tagumpay sa pagpapalaganap ng Rizalismo sa pamamagitan ng edukasyon na siyang pinakamataas na layunin ng ating Pambansang Bayani Dr. Jose P. Rizal tungo sa ganap na paglaya sa ating banal na inang bayan, ang Perlas ng Dagat Silangan; para sa hindi mababalam at unibersal na katotohanan at ugnayang-dugo sa ating kapwa bayani, repormista, rebolusyonaryo, at kinikilalang Dr. Maximo Sison Viola; para sa kongkretong emulasyon sa mga birtud, pilosopiya, moralidad, at mga pagpapahalaga ni Rizal habang nasa larangan ng serbisyong pampubliko mula 1931 hanggang sa oras ng kanyang kamatayan; para sa pagtatag ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges noong 1963 na kongkretong testamento ng kanyang posisyon sa edukasyon sa Filipinas sa tungo sa mas mataas na pagiging isang bansa at pagpapalakas ng identidad sa harap ng mga bagong lokal at pandaigdigang mga kolonyal na panginoon; para sa matibay na pangako sa pagsasulong ng nasyonalismo at pandaigdigang kapatiran sa pamamagitan ng diplomasya at ugnayan sa loob at labas ng pambansang hangganan sa pangalan ng isang etikal na pamayanan; para sa pagkakaakda ng aklat na *The Language Problem of the Filipinos* (1932) na nagbigay ng malaking hakbang sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino; at para sa pangako sa pagpapataas ng kalagayan ng mga naghihirap na Filipino at pagtatanggol sa demokrasya sa lahat ng kapamaraan ay lubos na pinupuri magpakailanman (Abiva, 2023).

At dahil sa naniniwala naman ang ilan na dapat buhayin ang kanyang gunita, inilimbag ng Baguio Chronicle noong 2023 ang aking artikulo hinggil sa buhay ni Dr. Gallego. Sabi ng patnugot ay sampung libong kopya ang kanilang inilabas. Nakatulong ito marahil at pansin ko

\*\*\*\*\*

## Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

## Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*  
ang ligaya sa mata ng kanyang apo sa tuhod na si Dr. Joseph L. Gallego nang mabasa nito ang artikulo. Sa isip ko, tama si Hans Bender hinggil sa kanyang puna sa ika-70 kaarawan ni Hermann Kesten sa pagsasabing:

Anong ligaya niya kung noong buhay pa siya'y nabasa niya ang tungkol sa kanyang sarili (1973).

Kaso, sa pananaw ng isang iskeptiko ay malamang muling pakikipagpatintero na lamang ito ulit sa gunita. Sana nga ay binasa nang maigi ang aking artikulo! Pero malamang, paglipas ng dalawang araw, ay wala itong pinagkaiba sa mga pahayagang kung naluma na'y ipinambabalot na lamang ng repolyo, sayote, at patatas, o dili kaya'y nagkalat sa mga eskinita ng Session Road.

## **GUNITA BILANG WIKA AT POLITIKA**

Sa ngayon ay dapat munang tanggapin ng mga tao na ang mga salitang nakaukit sa tansong lapida na alay ng mga Rizalista ay mariringal at di kayang lumain ng hangin at panahon. Isa itong ganap na prosesong hindi lamang nakasalalay sa mekanikal na pagbibigay-pugay sa ngalan ng isang nawawalang gunita na dapat linangin kundi manipestasyon ng isang aseradong determinasyon ng iilan na gapiin ang bulag at atrasadong pagsamba sa batas ng nakalipas, na ang nakalipas ay nakalipas na, pagkat ang tao, gaya ni Dr. Gallego, ay laging tinatanaw ang isang bagong umaga at daigdig na hindi kailanman dapat isantabi. Marahil, kung magiging bahagi na ng bawat isa sa atin ang kilatisin ang sarili't tanungin kung sino pa ang nakakagunita sa kanya ay malamang sa malamang ay hindi na kailangan pang itayo ang isang payak niyang monumento, kaso, mukhang kailangan ito. Walang kaduda-dudang sinikap din ng Estado na buksan ang daan kay Dr. Gallego patungong imortalidad sa pamamagitan ng deklarasyon sa kanya bilang isa sa limang pinakadakilang Filipino noong Hulyo 11, 1993

\*\*\*\*\*

### **Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### **Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*

ng Philippine Postal Services. Ganito rin ang ginawa ng Estado kay Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Lazaro Francisco pero wala itong epekto para sa isang bayang umusad nang walang pinagkatandaa't dumausdos na ang sensibilidad ng mamamayan sa bangin ng kaliluhang sularin ng Dakilang Balagtas!

Palatandaan ang pagtangi nila sa pagsalungat sa agos ng panahon. Tuluyan na nga yatang tinalikuran ng tao ang mapanganib ngunit mapagpalayang paraiso ng pagtatanong. A, kaya pala wala nang nakakagunita ni isa sa aming kawan! A, kaya pala walang propetang dinakila sa kanyang sariling bayan!

## DEKLARASYON NG SALUNGAT NA INTERES

Ipinapahayag ng mananaliksik na walang salungat na interes na maaaring makaimpluwensiya sa layunin ng pananaliksik o paglimbag ng artikulong ito. Naisagawa ang pananaliksik dahil sa sariling inisyatiba ng mananaliksik. Nangangahulugan lamang na may pahintulot ang journal na ito na ilimbag ang papel sa layuning mas magpapatatag at mapalalim pa ang pag-aaral sa monograph ni Dr. Manuel Viola Gallego.

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,  
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,  
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



\*\*\*\*\*  
**MGA SANGGUNIAN:**

- Abiva, Rene Boy E. (2023) Non Omnis Moriar. Order of the Knights of Rizal. Retrieved from <https://poetrebeyabiva.blogspot.com/2023/01/v-behaviorurldefaultvml0.html>
- Alip, E. (1932). Tagalog Literature (A Historico-Critical Study) (1st ed., Vol. 1). UST Press.
- Almario, V. (2023). Ang Wikang Pambansa at Amerikanisasyon (1st ed., Vol. 1, p. 527). Ateneo De Manila University Press.
- Bender, Hans. (1973). Mga Tala sa Loob ng Ilang Araw sa *PEN: Mga Bagong Akda ng mga Manunulat na Aleman*. Regal Publishing, Inc.
- Campoamor II, Gonzalo. (2007). The Pedagogical Role of English in the Reproduction of Labor. IBON Books.
- Engels, F. (1884). The Origin of the Family, Private Property, and the State. International Publisher.
- Fajutagana, Leonora M. and Lucero, Rosario C. (2020). A History of the University of the Philippines. UP Press.
- Galang, Marilyn. (2019, June 24). Nueva Ecija village celebrates 'Taong Putik' Festival. Philippine News Agency. Retrieved from <https://www.philstar.com/nation/2019/06/24/1934444/nueva-ecija-village-celebrates-taong-putik-festival>
- Gallego, M. (1932). The Language Problem of the Filipinos (1st ed., Vol. 1, p. 63). Bureau of Printing.
- Lumbera, Bienvenido (2007). Edukasyong Kolonyal: Sanhi at Bunga ng Mahabang Pagkaalipin. IBON Books.
- Orata, Pedro T. (1928). The Theory of Identical Elements. Being a Critique of Thorndike's Theory of Identical Elements and a Re-Interpretation of the Problem of Transfer of Training. Ohio State University Press.
- \_\_\_\_\_.1951. Bridging the gap between school and community in Iloilo, Philippines. School and Society.

\*\*\*\*\*

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers:**

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*



\*\*\*\*\*

\_\_\_\_\_.1953. The Iloilo experiment in education through the vernacular. In UNESCO, The use of vernacular languages in education, p. 123-131. Paris.

\_\_\_\_\_.1969. Community schools in the Philippines. Prospects in education.

\_\_\_\_\_. 1970. Barrio pre-school classes. Barrio High Schools Bulletin 4.

\_\_\_\_\_. 1972. Self-help barrio schools. Singapore: SEAMEO Innotech Regional Center.

Reid, L. (2018). Modeling the Linguistic Situation in the Philippines. National Museum of Ethnology. Retrieved from <https://typeset.io/papers/6-modeling-the-linguistic-situation-in-the-philippines-13ubeo2tkm>

Risse, Heinz. (1973). Sino ang Nakakagunita Ngayon sa Verdun sa *PEN: Mga Bagong Akda ng mga Manunulat na Aleman*. Regal Publishing, Inc.

San Juan, E. (1998) From Exile to Diaspora: Versions of the Filipino Experience in the United States. Ugnayan para sa Makabayang Kamulatan (UPMK), Inc.

Stalin, Joseph (1972). The Essential Stalin: Major Theoretical Writings, 1905-1952. Anchor Books.

Tolentino, Roland (2001). Sa Loob at Labas ng Mall kong Sawi. UP Press.

## HINGGIL SA MANANALIKSIK

Pultaym na guro ng Agham Panlipunan, Filipino, Malikhaing Pagsulat, Pananaliksik, Panitikan, at kasalukuyang Direktor ng Opisina ng Ekstensiyon (CEOP) sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges si **R.B. ABIVA, MA-MP, D.Litt. (Honoris Causa)**. Awtor ng labinlimang (15) libro ng mga tula, maikling kuwento, dagli, at nobela. Ang kanyang mga akda ay nalathala na sa Diliman Review, Liwayway, Bannawag, Sentro ng Wikang Filipino (SWF), National Commission for Culture and the Arts (NCCA), Cultural Center of the Philippines (CCP), at marami pang iba. Aktibo siyang kasapi ng PEN, UMPIL, LIRA, PSLLF, at National Research Council of the Philippines (Division XI).

\*\*\*\*\*

### Editorial Team

**Editor-in-Chief:** Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor:** Andro M. Bautista

**Managing Editor:** Raymart O. Basco

**Web Editor:** Nikko C. Panotes

### Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

\*\*\*\*\*